

# Humingi ng Tulong. Maging Handa.



Alam natin kung gaano kahalaga ang maaasahang kuryente. Ang mga madudulugan ay magagamit para masuportahan ka at ang iyong pamilya bago, sa panahon ng at pagkatapos ng Public Safety Power Shutoff (PSPS).

Bisitahin ang [PrepareForPowerDown.com](https://www.prepareforpowerdown.com) upang malaman ang tungkol sa mga mapagkukunan upang manatiling ligtas.

## Tulong para sa Mga Nangangailangan ng Ekstrang Suporta

### Programang Medical Baseline Allowance

Maaaring magiging kwalipikado ka sa Programang Medical Baseline Allowance kung ikaw ay:

- Umaasa sa elektrisidad para ilang medikal na mga pangangailangan
- Gumagamit ng medikal na kasangkapan
- May kondisyon na may partikular na pangangailangan ng pampainit o pampalamig

Ang mga kostumer ng Medical Baseline ay maaaring tumanggap ng:

- Enerhiya sa pinakamababang presyo sa kanilang kasalukuyang rate
- Mag-follow up sa mga abiso ng PSPS kung kailangan



### Sertipikasyon para sa Sarili

Ang mga umaasa sa kuryente para sa kalusugan, kaligtasan, o sa kakayahan na mapanatili ang pagiging independiyente ay maaaring makakuha ng karagdagang suporta sa panahon ng PSPS. Kung mailalapat ito sa iyo o sa sinuman sa inyong tahanan, mahalagang ipaalam ito sa inyong tagapagbigay ng utility.

### Mga Programa sa Diskwento sa Bayarin

Mayroong dalawang pambuong estado na programa na nagbibigay sa mga kwalipikadong kostumer ng diskwento sa kanilang bayarin sa kuryente o gas. Maaari kang mag-aplay para sa mga programa sa [pge.com/care](https://pge.com/care), [sdge.com/care](https://sdge.com/care) o [sce.com/careandfera](https://sce.com/careandfera).

#### California Alternative Rates for Energy (CARE)

- Buwanang diskwento na 20% o higit pa sa gas at kuryente.
- Ang pagiging kwalipikado ay batay sa pagkatugon sa mga patnubay sa kinikita ng sambahayan o sa paglahok sa ilang mga programang tulong sa publiko.

#### Family Electric Rate Assistance (FERA)

- Buwanang diskwento na 18% sa kuryente para lamang sa mga sambahayan na may tatlo o higit pang mga tao.
- Ang pagiging kwalipikado ay batay sa pagkatugon sa mga patnubay sa kinikita ng sambahayan.

## Maghanda para sa PSPS na Pagkawala ng Kuryente

### Mga Opsyon sa Reserbang Kuryente

Kung umaasa ka sa elektrisidad para paandar ang kasangkapan o mga aparato, mahalaga na may plano ka para sa suporta ng reserbang kuryente kung sakaling mawala ang kuryente.

Bisitahin ang site para sa karagdagang impormasyon sa:

- **Mga Rebate sa Generator at Portable na Baterya**  
Mga rebate sa pagbili ng kwalipikadong generator o baterya.
- **Mga Opsyon sa Portable na Baterya**  
Pagsuporta sa kwalipikadong mga kostumer ng mga portable na baterya.
- **Self-Generation Incentive Program (SGIP)**  
Pinansyal na mga rebate para sa mga kostumer na nag-install ng bateryang storage sa kanilang tahanan.



### Mag-akses sa Lokal na Suporta

#### 211 (800.402.4018 – para sa mga gumagamit ng mga relay na serbisyo)

Tawagan ang 211 para sa mga lokal na madudulugan at suporta bago, sa panahon ng at pagkatapos ng mga emergency, tulad ng PSPS. Ang 211 ay isang libreng serbisyo na makakakonekta sa iyo sa mga madudulugan at impormasyon sa pagpapalano sa emergency.

Pwede kang mai-refer sa mga madudulugan ng mga tagakoordina ng pangangalaga sa 211, kabilang ang mga programa sa pagkain at meal, masasakyang behikulo at mga hotel/matutuluyan. Makakatulong din sila sa pagsa-sign up sa iyo sa mga programa na sumusuporta sa mga may pangangailangang pampinansyal o pangkalusugan at pangkaligtasan. Kabilang dito ang mga programa na nag-aalok ng mga opsyon sa reserbang kuryente at mga programang tulong sa bayarin sa utility.

2-1-1

Tawagan ang 211 o bisitahin ang [211.org](https://www.211.org) upang makakonekta sa mga lokal na mapagkukunan at suporta.



#### Mga Community Resource Center (CRCs)

Ang mga CRC ay nag-aalok ng ligtas na lugar sa panahon ng isang PSPS para mag-charge ng mga device, makahanap ng pangunahing mga supply at makakuha ng impormasyon tungkol sa pagkawala ng kuryente.

#### Magagamit na mga madudulugan:

- Pag-charge ng device
- Wi-Fi (kung meron)
- De-boteng tubig
- Meryenda
- Naka-sako na yelo o mga voucher (sa loob lamang)
- Signal ng cellphone (sa karamihan ng mga lokasyon)
- Mga kumot (kung kailangan)
- Air conditioning o heating (indoor lamang sa karamihan ng mga lokasyon)
- Mga banyo na naaakses ng ADA
- Mga istasyon kung saan pwedeng i-charge ang medikal na aparato

Para malaman ang iba pa at para mag-akses sa mga madudulugan na ito at sa mga opsyon sa suporta, bisitahin ang [PrepareForPowerDown.com](https://www.prepareforpowerdown.com).

